children's museum

45 Forks Market Road
Winnipeg, MB  R3C 4T6
info line 204.924.4000

**childrensmuseum.com**


MIG02-22E

fr

children's museum

# IMPORMASYON PARA SA MGA MIYEMBRO NG MUSEO





# MEMBERSHIP DETAILS

BILANG NG MEMBERSHIP

PETSA NG PAG-RENEW

IBA PANG NUMERO NG MEMBERSHIP (Kung mayroon pa)

For questions about your membership, please contact:

**CHILDREN'S MUSEUM**
45 Forks Market Road
Winnipeg, MB R3C 4T6
Email: memberships@childrensmuseum.com
Fone: 204.924.4000

**childrensmuseum.com**

## PARA SA IYONG KAALAMAN

1. Ang Children's Museum ay may karapatang limitahan ang pagpasok ng mga batang walang kasamang tagapangalaga at mga bisitang walang kasamang bata.
2. Para sa iyong kaligtasan, sundin ang mga safety alerts na nakapaskil sa loob ng museo.
3. Mayroong mga public transit services sa The Forks site at mga parking slots (na mayroong handicap stalls malapit sa mga facilities) para sa mga bisita ng Forks. Ang mga complementary parking para sa pagbisita sa museo ay nasa FNP Parking. Irehistro lamang ang license plate number ng iyong sasakyan sa Admissions Attendant matapos ang iyong pag check-in sa Children's Museum para sa tatlong oras na libreng parking sa The Forks.
4. Maari kang rumenta ng mga stroller at wheelchair kung kinakailangan.
5. Ang mga serbisyo ay nasa wikang ingles at pranses. Ang mga bisita ay maaring sumangguni para sa ibang mga available na lenggwahe.
6. Ang mga bata ay dapat magsuot ng akmang footwear sa mga museum galleries.
7. Change tables, nursing room, at lugar ng kainan (called Lunch Box) ay maaring puntahan ng mga bisita.
8. Bilang paggalang sa mga bisitang may allergies, huwag magdala ng mga pagkain o produktong naglalaman ng nuts sa museo.
9. Ang mga oras ng museo at mga presyo ng produkto at serbisyo ay maaring magbago anumang oras.
10. Ang mga helium balloons ay hindi maaring ipasok sa loob ng museo.

## MEMBERSHIP TERMS & CONDITIONS

Dalhin ang iyong membership card sa bawat pagbisita mo sa museo. Iprisinta ito sa Admissions Attendant. Maari ka ring hingang ng Photo ID bukod sa iyong membership card.

- Ang Individual Membership rates ay para sa mga taong edad 1-101.
- Ang Children's Museum memberships ay hindi maaaring i-refund at ipasa. Ang taong nakapangalan sa membership card lamang ang maaring gumamit ng mga benepisyo.
- Ang mga membership ay para lamang sa pang-indibidwal at hindi maaring gamitin para sa pagbisita ng eskwela o iba pang pangkat ng grupo. Sakop din ng panuntunang ito ang mga birthday parties o facility rentals. (Para malaman ang mga group rates, tumawag sa 204.924.4005.)
- Ipaalam sa Children's Museum kung sakaling mawala ang iyong membership card. Ito ay para mabigyan ka ng kapalit na card. Ang kapalit ay nagkakahalaga ng $2.50.
- Ang mga membership cards ay maari lamang makuha ng miyembro sa museo. Ang Children's Museum ay hindi nagpapadala ng membership cards gamit ang anumang delivery services.

Para sa kabuuan ng membership terms and conditions or listahan ng Frequently Asked Questions patungkol sa museum membership, bisitahin ang childrensmuseum.com.



## BIRTHDAY PARTIES & FACILITY RENTALS (Mga myembro ng museo ay mabibigyan ng 10% na diskuwento)

Ang Children's Museum ay isang magandang lugar para sa mga birthday party, meeting, at iba pang mga kaganapan. Tumawag sa 204.924.4005 para sa pagreserba ng iyong event.

## EATON'S FAIRYTALE VIGNETTES

Ang inaabangang Winnipeg display na ito ay orihinal na makikita sa Eaton's downtown store ngunit ngayon ay makikita na sa Children's Museum. Ang atraksyon ito ay bukas lamang sa ilang mga pagkakataon. Sa buwan ng Nobyembre at Disyembre, bisitahin ang gallery na ito at baka makita mo si Santa sa aming mga special holiday events!

## SPECIAL TRAVELLING EXHIBITIONS

Bisitahin ang mga kakaibang travelling exhibitions na ginawa para sa mga bata. Ang mga travelling exhibitions ay mabibisita lamang sa ilang mga pagkakataon, kaya hinihikayat naming mabisita mo ito agad-agad. Bisitahin ang aming website sa childrensmuseum.com para sa mga impormasyon tungkol sa travelling exhibitions na maaring puntahan sa iyong susunod na pagbisita.

## DAY CAMPS (Mga myembro ng museo ay mabibigyan ng 10% na diskuwento)

Nagsasagawa ang Children's Museum ng mga exciting na day camps tuwing spring at summer breaks para sa mga bata. Dahil ang mga ito ay may indoor at outdoor na activities, games, crafts, pagbisita sa mga galleries, special guests, at mga field trips, ang mga bata ay siguradong masisiyahan at magkakaroon ng hindi malilimutang spring o summer break.

## SHOP (Mga myembro ng museo ay mabibigyan ng 10% na diskuwento)

Ang aming kilalang gift store ay puno ng makabagong produkto para sa mga bata at mga tagapangalaga. Ang Shop ay magandang lugar para makapamili ng mga souvenir ng museo, bumili ng pagkain, humanap ng espesyal na regalo, o bumili ng mga goodie bags para sa mga selebrasyon ng kaarawan o iba pang mga kaganapan. Higit sa lahat, ang iyong pagtangkilik sa Shop ay isang paraan ng pag suporta sa Children's Museum!



# MABUHAY!

## Mga Kaibigan,

Bilang isa sa aming mga miyembro, alam namin na iyong labis na pinapahalagahan ang iyong mga pagbisita sa Children's Museum.

Dahil dito, nais naming imbitahan ka sa ating museo.

Magiging kapana-panabik ang mga darating na buwan dahil sa aming mga special events na isasagawa sa taong ito. Bisitahin ang aming website sa childrensmuseum.com para sa mga detalye ng mga paparating na kaganapan.

**Paalala: Ang iyong membership ay hindi maaring ipamahagi o ipahiram sa iba. Ang lahat ng membership cards ay dapat may lagda ng tagapagmay-ari. Ang mga bisitang hindi miyembro ng museo o walang Member Guest Pass ay kinakailangan magbayad ng regular admission para makapasok.**

Ipagbigay alam sa Children's Museum kung sakaling mawala ang iyong membership card para mabigyan ito ng kapalit.

Labis ka naming pinapahalagahan sa Children's Museum. Kung ikaw ay may mga katanungan, makipag-ugnayan sa aming Membership Team sa 204.924.4000 o membership@childrensmuseum.com.



# MGA BENEPISYO NG MEMBERSHIP

**Sulit ang iyong membership!**

Ang membership sa Children's Museum ay may mga benepisyo at rewards tulad ng:

- Isang taong unlimited museum admission
- Isang free Member Guest Pass
  *(May mga limitasyon)*
- Ekskulisibong email invitations at pre-sale offers para sa mga special events gaya ng Members Events at iba pang mga serbisyo sa museo.
- 10% na diskuwento sa mga serbisyo ng museo tulad ng:
  - Shop items
  - Birthday Parties
  - Facility Rentals
  - Spring & Summer Day Camps
- Diskuwento sa mga annual memberships sa mga sumusunod na atraksyon:
  - Canadian Museum for Human Rights
  - FortWhyte Alive
  - Oak Hammock Marsh
  - The Manitoba Museum
  - Winnipeg Art Gallery
- Subskripsyon sa Children's Museum eNews para makatanggap ng mga email updates sa mga special events, contest, diskuwento, at iba pa
- Libreng pagpasok sa higit 25 Science Centres sa Canada
  *(Bisitahin ang Canadian Association of Science Centres Reciporcal Agreement para sa listahan ng mga kasaling centres)*
- Eksklusibong diskuwento sa mga offer mula sa mga partners ng Children's Museum.
  *(Bisitahin ang childrensmuseum.com para sa listahan ng mga diskuwento)*



## BIGLANG CONSIDERASYON ANG CHILDREN'S MUSEUM BILANG ISA SA MGA NAIS MONG SUPORTAHAN NA CHARITY!

Bilang isang non-profit charitable organization, ang Children's Museum ay nakadepende sa mangilang kita at pribadong donasyon para sa 90% para sa mga operating at capital campaign costs. Dahil dito, ang iyong suporta sa Children's Museum ay labis naming pahahalagahan.

Maaring tumawag sa 204.956.KIDS o bisitahin ang childrensmuseum.com para mag-donate!

## GALLERIES




1. Time Squared
2. Tot Spot
3. Tumble Zone
4. Mellow Marsh
5. Story Line
6. Engine House
7. Junction 9161
8. Illusion Tunnel
9. Milk Machine
10. Splash Lab
11. Pop m'Art
12. Lasagna Lookout

Itinayo noong 1889, ang Children's Museum, na mayroong labindalawang galleries, at ipinwesto sa isa sa pinakamatandang train repair facility sa Western Canada. Hindi tulad ibang mga museo na may mga exhibits na hindi maaring hawakan, ang mga galleries at kagamitang ng Children's Museum ay nilikha para mapaglaruan at mapagkatutunan ng mga bata. Ang paraang ng pagkatuto sa Children's Museum ay hatid ng creative environment na nagbibigay ng mahusay at masiglang karanasan nang pagkatuto.